# Ang Mga Mahahalagang Kuru-Kuro

## Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Pag-isipan ang isang tao sa panahon ni Emerson at Melville na nagsasabing, "Talagang ibang-iba dati noong mga 1700." Sa bandang huli ng mga 1700, ang Estados Unidos ay naghihirap na ipanganak pa lamang, at maraming mga tao ang naghihirap na mamuhay sa kagubatan. Dinala ng mga 1800 ang posibilidad ng pagkakaroon ng mga bagong simula, mga sariling desisyon, optimismo tungkol sa darating na panahon, paghanga sa natural na kalikasan, at lahat ng mga takot na may kinalaman sa bagong natuklasang kalayaan.

## GAWAIN

**Ang Gagawin** Pag-isipan ang tatlong Mahahalagang Kuru-kuro sa yunit: Optimismo at Indibidwalismo, Kaugnayan sa Kalikasan, at ang Kapangyarihan ng Dilim. Talakayin ang mga kuru-kurong ito sa ika-dalawampu't-isang siglo. Kausapin ang isa o dalawang tao sa tahanan na maaaring may masasabi tungkol sa kung "talagang ibang-iba dati noong mga 1900." Gamitin ang mga sumusunod na katanungan bilang patnubay.

1. Palagay mo ba na mas may dahilan para sa optimismo para sa kinabukasan sa ika-dalawampung siglo kaysa sa ika-dalawampu't-isang siglo? Bakit o bakit hindi? ____________________

2. Palagay mo ba na mas malaya ang mga tao na pumili ng daan sa buhay kaysa noong ika-dalawampung siglo? Bakit? ____________________

3. Paano ka nakikipag-ugnayan sa kalikasan ngayon kumpara sa pakikipag-ugnayan mo sa kalikasan noong ika-dalawampung siglo? ____________________

4. Palagay mo ba na ang mga tao at kalikasan ay magkatugmâ o magkaaway? Iba ba ang iyong opinyon noong ika-dalawampung siglo kumpara sa iyong opinyon ngayon? ____________________

5. Palagay mo ba na mas marami o mas kaunti ang katatakutan ngayon kaysa noong ika-dalawampung siglo? Ano ang nagbago? ____________________

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.